

Kritikal na Pagsasalin ng Isang Tulang Sosyopolitikal ni Jose Maria Sison /

A Critical Translation of a Sociopolitical Poem of Jose Maria Sison

Jeconiah Louis Dreisbach

De La Salle Araneta University, Philippines

jeconiah.dreisbach@dlsau.edu.ph

Konektado ang gawaing pagsasalin sa usaping pampolitika at kultura. Multidisiplinaryo ito dahil kinakailangan na tingnan ng tagasalin ang konteksto ng kasaysayan, kultura, at karanasan ng isang manunulat upang maibahagi sa mga mambabasa ang mensahe na hatid ng mga akdang pampanitikan. Layunin ng papel na ito na isalin sa Filipino ang isang tulang sosyopolitikal ni Jose Maria Sison bilang kontribusyon sa pagpapayabong ng mga teksto sa pambansa at panlipunang kalayaan at maihatid ito sa kalakhang masang Filipino. Inilapat ang Teorya ng Manipulasyon ni Andre Lefevere upang maisakatuparan ang kritikal at ideoholikong pagsasalin ng tula. Bagaman nása kontekstong Filipino na ang nasabing obra, layunin ng pagsasalin na maipahatid ang mensaheng magtataas ng kamalayan magpapakilos sa sambayanang Filipino tungo sa kalayaan.

Mga Susing Salita: Jose Maria Sison, teorya ng manipulasyon, kritikal na pagsasalin, tulang tuluyan

Translation work is connected to political and cultural discourses. It is multidisciplinary as it requires the translator to look into the historical, cultural, and personal contexts of the author in order to fully interpret the message of their literary works. This paper aimed to translate a sociopolitical poem of Jose Maria Sison into Filipino to contribute in the development of texts pertaining to national and social liberation, and to deliver it to the greater Filipino masses. The translator utilized the Theory of Manipulation by Andre Lefevere to fulfill the critical and ideological translation of the poem. Despite the poem having being based in the Philippine context, the goal of this translation is to enlighten and mobilize the Filipino people towards genuine freedom.

Keywords: Jose Maria Sison, manipulation theory, critical translation, prose poem

Pagsasalin bilang Multidisiplinaryong Disiplina

Napakaraming kailangan na isaalang-alang sa paggawa ng pagsasalin. Sa pagsasalin ng mga tekstong naglalaman o nagkukuwento ng mga pangyayaring makasaysayan, nangangailangan na gumawa ng pangkasaysayang saliksik tungkol sa nasabing paksa upang makuha at maunawa ang konteksto nito (Venuti, 2005). Kinakailangan din na matingnan ang mga pag-aaral sa araling pangkultura (*cultural studies*), sosyolohiya, at mas malawak na agham panlipunan dahil nagbibigay ang mga ito ng iba't ibang paraan sa multidisiplinaryong pananaliksik (Buden et al., 2009). Sa kalagayan ng pagsasalin, kinakailangan ng isang komprehensibo at kongkretong pagsusuri sa kongkretong kalagayan ng isang teksto, pati na rin ng may-akda nito, upang masiyasat ang karanasang pangkultura at panlipunan na nakakaapekto at nagiging basehan ng mga gawaing pagsasalin sa isang partikular na lugar at panahon.

Umunlad ang modernong pantikan ng Pilipinas dahil obserbasyon ng mga kalakarang (*trend*) global katulad ng pagdating *narrative poetry* at *metrical romance* na siyang naging batayan ng mga nabuong awit at korido sa bansa, at ang mga ito ay pinaniniwalaang mga salin o adaptasyon ng *comedia de capa y espada* (Batnag, 2015). Ang mga Propagandista, katulad nina Rizal, na nakilala ang konsepto ng liberalismo sa Europa ang nagsimulang magtakda ng kalakaran na humantong sa pagkabúhay at pagyabong ng eksenang pampanitikan (*renaissance*) sa panahon ng rebolusyon laban sa mga mananakop na Kastila (Macasantos at Macasantos, 2015). Nagkaroon ng mahalagang parte ang pagsasalin sa pagtatatag ng isang moderno at mapagpalayang bansa. Naging parte ito ng isang ideolohikong proyektong bumuo ng isang pambansang identidad.

Makikita ang kaugnayan ng pagsasalin sa ideya ng pagtatatag ng mga komunidad sa pag-aaral ni Venuti. Tinitingnan niya ang pagsasalin bilang akto ng *imagined community building* na nakabatay sa diwa ng isang bansa na may pangkaraniwang ideolohiko at kultural na diskurso o may pangkaraniwang kasaysayan. Inilahad niya sa kaniyang papel na

Translation, Community, Utopia na ang mga naisaling teksto mula sa ibang panig ng mundo ay bumuo ng mga komunidad dahil sa pag-aangkat ng mga dayuhang ideya na nag-udyok sa pagtatatag ng mga malakihang kilusang pampolitika (Venuti, 2000). Isa sa mga natatanging katangian ng pagsasalin sa Pilipinas ay ang pagiging parte nito sa sa pagbubuo ng isang *nacion* o komunidad na isinasakatuparan ang ideolohiya ng nasyonalismo at kalayaan, at makikita ito sa mga pagsasalin ng *Declaration of the Rights of Man and of the Citizen* na nagpakita ng buod ng kasaysayan ng Rebolusyong Pranses, *Amor Patrio* ni Jose Rizal na isinalin sa Tagalog na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*, at ang *Mi Ultimo Adios* na isinalin ni Andres Bonifacio bilang *Huling Pahimakas* (Batnag, 2015).

Sa postmodernong panahon, ayon kay Bassnett, binigyan ng atensiyon ang kaugnayan ng pagsasalin at ideolohiya sa *cultural turn* ng araling pagsasalin dahil tinitingnan nito ang pangkasaysayang aspekto ng pagsasalin. Ipinaliwanag niya ang *cultural turn* bilang:

The cultural turn also had its diachronic dimension. Early in the formation of thinking in the field of Translation Studies the need to construct a comprehensive history of translation, a genealogy of translation practice as André Lefevere put it, had been seen as important, and the increased emphasis on cultural questions further prompted the study of translation history. Crucially, the cultural turn opened up questions regarding the different status of literatures, the ideological implications that lie beneath translation, the power relationships between cultures (Berk, 2004: XII).

Sa bagong perspektiba na ito sa pagsasalin, tiningnan na ng mga mananaliksik ang kapangyarihan ng pagsasalin na bumuo ng mga identidad at magmanipula ng mga ideolohiya. Ipinaliwanag naman ni Gentzler ang papel na ginampanan ng pagsasalin sa pagtatatag ng mga sistemang pampanitikan kung saan napayaman ng mga isinaling obra maestra ang panitikan ng isang lokalidad. Hinalaw niya ito sa panananaw ni Matthison noong 1931:

British cultural history in the fifteenth century is generally regarded as lacking in great works; yet translation, especially from Greek and Roman texts. And the poetics imported from source systems paid enormous dividends in terms of the development of original writing in the sixteenth century (Gentzler, 1993: 169).

Inihayag naman nina Alvarez at Vidal (1996) na sa post-estrukturalistang perspektiba, nakikita nila ang pagsasalin bilang isang *colonial enterprise*, na kung saan ginagamit ito upang mapasailalim ang isang katutubong wika at kultura sa mga abuso ng mga makapangyarihan. Dagdag nila:

Translation always implies an unstable balance between the power one culture can exert over another. Translation is not the production of text equivalent to another text, but rather a complex process of rewriting that runs parallel both to the overall view of language and of the "Other" people have throughout history; and to the influences and the balance of power that exist between one culture and another (4).

Mula sa mga palagay na nabanggit, makikita na itinuturing nila ang pagsasalin bilang paraan upang masugpo ang mga umuusbong na pambansang identidad at kultura, na siyang kabaligtaran sa mga naunang pagtingin na magagamit ang pagsasalin sa pagtatatag ng isang komunidad at makatutulong sa pagpapalaya. Ang parehong mga pagtingin ay nakabatay sa mas malawak na balangkas ng araling pangkultura at nakadepende sa paggamit ng mga datos na dala ng kasaysayan bilang metodo.

Kritikal at ideolohikong Pagsasalin sa Pilipinas

Binalangkas ni Jonathan Vergara Geronimo (2016) sa kaniyang papel na *Pag-angkin sa Politika at Poetika ng Piling Tula ni Nicolas Guillen sa Karanasang Pilipino: Isang Pagsasalang Ideolohiko* ang kasaysayan ng ideolohikong pagsasalin ng mga tula sa Pilipinas. Inilahad niya na higit sa simpleng pagtatahi ng mga salita, may kapangyarihan ang

makata at tagasalin ng isang tula na lumikha at magpakilos. Ipinakita rito ang prinsipyo ni Gelacio Guillermo sa politika ng pagtula kung saan sinabi niyang, “Walang tulang hindi pulitikal, iba-iba lamang ang pulitikang dinadala sa paraang direkta, mahinhin o patago, o kaya’y dinadalang konsyus o di-konsyus” (13). Ipinakita rin ang pagtatangka nina Patricia Melendrez-Cruz at Antolina T. Tinio (1994) na gawing ideolohiko ang tungkulin ng pagsasalin sa kanilang proyekto sa pagsasa-Filipino ng *Noli Me Tangere* noong 1978. Ipinaliwanag nila na ang pagsasalin ay isang larangan pakikisangkot sa tunguhin ng pambansang pagpapalaya, at dagdag nila, “Sa konteksto ng ating lipunan na may balangkas ng nakapagyayari-napangyayarihan, ang gawaing pagsasalin ay dapat maugnay sa (a) aktwal na kalagayan ng bansa, (b) pangangailangan at mithiin ng sambayanan para sa pambansa’t panlipunang pagpapalaya, at (c) paglinang ng isang malaya’t mapagpalayang kultura” (Geronimo 13–14).

Mayroon ding ganitong pagtanaw ang Kilusang Pambasang-Demokratiko (KPD) sa pagsasalin. May mga patakarang pangwika at gabay sa pagsasalin na nakabase sa ideolohiko, politikal, at organisasyonal na tunguhin ng kilusan (Geronimo 14). Nasa ilalim ng Departamento ng Edukasyon ng Pambasa-Demokratikong Prente ang Komite sa Wika at Salin na siyang nangangasiwa sa pagsasalin ng mga tekstong nasa linya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong upang masigurado na lapát ito sa kanilang gawaing rebolusyonaryo (Dreisbach, 2016).

Kaakibat ang katulad na layuning gumawa ng pagsasalang ideolohiko, lalong-lalo na sa aspekto ng teoryang kritikal, upang maibahagi ito sa mga mámbabasa, nagpasya ang tagasalin na isalin ang tulang sosyopolitikal na *The People’s Cry for Justice* ni Propesor Jose Maria Sison. Napapanahon ang pagsasalin ng mga tula ni Sison dahil sa pagkilála ng kaniyang mga kasamahan sa larangan ng panitikan sa impluwensya ng kaniyang mga obra sa kilusang masa para sa pambansa at panlipunang kalayaan. Ang kaniyang mga gawa ay kakikitahan ng Filipinong sensibilidad at may kongkretong pagsusuri sa kongretong kalagayan ng Pilipinas.

Nakatanggap na rin si Sison ng mga prestehiyosong parangal, isa na rito ang Southeast Asia WRITE Award para sa pagsusulat ng mga tula at sanaysay noong 1986. Ito ang pinakaprestihisoyong parangal sa larangan ng panitikan sa Timog-Silangang Asya, at iginawad ito ng kasalukuyang hari ng Thailand na si Maha Vajiralongkorn sa Bangkok noong siya ay prinsipe pa lamang. Nagkaroon na rin ng balita na balak siyang imungkahi bilang kandidato na maging parte ng Orden ng mga Pambansang Alagad ng Sining sa larangan ng panitikan bilang kontribusyon niya sa pagpapaunlad nito sa Pilipinas (GMA News and Public Affairs, 2017).

Kinilala siya ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas bilang, “outstanding poet and essayist, with more than 25 books to his credit. He belongs to the patriotic and revolutionary tradition of Jose Rizal, Andres Bonifacio, Francisco Balagtas, Lope K. Santos, Amado V. Hernandez and other literary giants of their time. He has contributed greatly to the Filipino sense of nationhood, advocating national sovereignty and independence, democracy, social justice, economic development through land reform and national industrialization, patriotic culture and solidarity with all peoples for peace and development” (NDFP, 2017).

Ang Politika at Poetika ni Jose Maria Sison

Nakilala si Propesor Jose Maria Sison bilang tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas na nakabatay sa Marxismo-Lenenismo-Kaisipang Mao Zedong, Bagong Hukbong Bayan, at Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas na nakipaglaban sa administrasyon ni Presidente Ferdinand E. Marcos sa kasagsagan ng Batas Militar. Bilang tagapagtatag ng “Bagong Partido,” naging malaki ang impluwensiya niya sa kilusang masa at mga nasyonalistang nakikibaka laban sa presensiya ng puwersang Amerikano sa bansa. Inilapat niya sa Kilusang Pambansa-Demokratiko (KPD) ang kaisipan ni Mao Zedong kung saan itinuturing ang imperyalismo, piyudalismo, at burukrata-kapitalismo bilang mga panguhaning salot ng lipunan, at magagapi lamang ito sa pamamagitan ng isang pambansa-demokratikong

rebolusyon na may sosyalistang perspektiba, kasabay na rin ng pagtatatag ng isang makabansa, siyentipiko, at makamasang sistema ng lipunan.

Isinilang noong ika-8 ng Pebrero 1939 sa Cabugao, Ilocos Sur, si Jose Maria Sison, o kilala sa kaniyang palayaw na “Joma,” ay galing sa isang angkan ng mga panginoong maylupa. Nagtapos siya ng sekundarya sa Colegio San Juan de Letran sa Intramuros, Maynila kung saan una niyang nahagilap ang mga ideya nina Karl Marx at Friedrich Engels, ang mga pangunahing teorista ng Komunismo. Ang kaniyang ama naman ay isang masugid na tagahanga ng Filipinong nasyonalista at senador na si Don Claro M. Recto, ang natatanging mambabatas na kumuwestiyon sa relasyon ng Pilipinas at Estados Unidos. Madalas din siyang makarinig ng mga kuwento tungkol sa Hukbong Bayan Laban sa mga Hapon (HUKBAHALAP) galing sa kaniyang barbero, na siyang sumuporta rito (Rosca, 2017). Kinalaunan ay pumasok siya sa Unibersidad ng Pilipinas at itinatag niya ang Student Cultural Association of the University of the Philippines (SCAUP), isang makabayang organisasyon ng mga kabataan. Habang nasa UP ay napalalim niya ang kaniyang kaalaman sa kaisipang Marxismo-Leninismo-Mao Zedong. Nagtapos siya sa kursong Ingles noong 1959, na may espesyalisasyon sa peryodismo at malikhaing pagsulat (Rosca 2010). Pumunta siya sa Jakarta, Indonesia kung saan pinag-aralan niya ang Bahasa Indonesia at ang kultura ng nasabing bansa. Bumalik siya sa Pilipinas noong 1962 at nagturo sa UP at Lyceum of the Philippines. Itinatag naman niya ang pangunahing organisasyon ng makabayang kabataan, ang Kabataang Makabayan (KM), noong 1964, at nanatili siyang tagapangulo nito hanggang 1968. Habang nasa KM, naging bahagi rin siya ng Lapiang Manggagawa at naging punong kalihim nito. Noong 1966 naman ay naging punong kalihim siya ng katatatag na Movement for the Advancement of Nationalism (MAN), isang nagkakaisang organisasyon na isinulong ang pambansang kasarinlan at demokrasya kasama ang pambansang burgesya.

Malawak ang kaniyang karanasan sa pagiging proletaryadong rebolusyonaryo at pinuno ng mga Komunista. Naging parte siya ng “Unang Partido”

ng Partido Komunista ng Pilipinas na nauna pang nakabatay sa kaisipang Marxismo-Leninismo. Mula 1966 hanggang 1968, pinangunahan niya ang Unang Dakilang Pagwawasto ng Partido kung saan pinuna, itinakwil, at itinama niya ang mga pangunahing ideolohiko, politikal at organisasyonal na mga pagkakamali at kahinaan sa pamumunò ng naunang Partido Komunista. Sa panahon na ito, ipinahiwatig na ni Sison ang pangangailan na tunggaliin ang namamayaning imperyalismong kultural ng Estados Unidos sa Pilipinas. Para sa kaniya, bagamat pinalalawak ng isang dayuhang wika ang pananaw ng mga indibidwal, hinahati naman nito ang populasyon ng bansa sa pagitan ng mayayamang nakapag-aral at mahihirap na masa (Sison, 1966). Noong Disyembre 26, 1968, itinatag niya ang bagong Partido Komunista ng Pilipinas na gabay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Sa sumunod na limang taon ay itinatag niya ang armadong sangay ng Partido, ang Bagong Hukbong Bayan, at ang gobyernong Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas. Responsable siya sa paglaki ng Partido sa panahon ng Batas Militar, at lumaban siya kasama ang mga Hukbo sa kanayunan. Kinakalunan ay nahúli siya ng puwersa ni Presidente Marcos noong Nobyembre 10, 1977, kung saan nakaranas siya ng labis na pagpapahirap katulad ng paglulunod, panunutok ng baril, electric chair, at ikinulong sa bartolina nang mahigit limang taon. Napalaya siya nang napaalis si Presidente Marcos sa kaniyang puwesto noong Pebrero 1986.

Nang makalaya mula sa piitan, kinuha siya ulit ng Unibersidad ng Pilipinas bílang propesor sa agham pampolitika. Naging bahagi rin siya sa pagtatatag ng legal na partido ng mga makabayan at manggagawa na Partido ng Bayan, ngunit tumanggi siya na maging tagapangulo nito dahil sa planong seryeng panayam sa iba't ibang panig ng Pilipinas, Asya, at Europa. Hindi natatapos riyan ang kaniyang pagdurusa. Habang nása Netherlands, kinasuhan siya ng subersiyon ng gobyerno ng Pilipinas, na sa panahon na iyon ay pinamumunuan ni Corazon Conjuangco-Aquino, dahil sa mga radikal na bahagi ng kaniyang mga panayam. Kinansela ng gobyerno ang kaniyang pasaporte, at kumuha siya ng *political asylum status* sa Netherlands noong 1988. Patuloy

ang mga kaso sa kaniya ng gobyerno ng Pilipinas, at dinagdagan pa ito ng mga gobyerno Estados Unidos at ng Netherlands. Itinuring siyang terorista ng mga nasabing bansa at naging *blacklisted* sa imigrasyon nito. Dahil sa mga pangyayaring ito, inalis siya ng karapatang sibil. Bílang kinalabasan ng paglilitis sa kaniyang mga kaso, nagpasya ang *European Court of First Instance* noong 2007 na tanggalin siya sa listahan ng mga *blacklisted* dahil sa ilegal na pagtanggap sa kaniyang mga karapatang sibil. Sa parehong taon ay ikinulong siya ng mga awtoridad ng Netherlands dahil sa kasong pag-uutos diumano ng pagpatay sa mga ahente ng militar ng Pilipinas. Agad naman na dinespatsa ng korte ang kaso dahil walang maipakitang pruweba ang gobyerno ng Pilipinas dito. Sa Pilipinas naman, dinespatsa rin ng Korte Suprema ang kaso ng rebelyon laban sa kaniya dahil wala ring pruweba na makapagpapatunay rito. Pagkalipas ng dalawang taon, iniutos ng *European Court of Justice* na tanggalin siya sa *terrorist blacklist* ng *European Union* dahil hindi napatunayan na gumawa siya ng kahit anong akto ng terorismo.

Sa kasalukuyan, siya ay nagsisilbing tagapangulo ng ilang pandaigdigang organisasyon katulad ng *International Network for Philippine Studies*, *Center for Social Studies*, at *International League of People's Struggles*. Nananatili naman siyang punong kasangguning politikal ng Pambansa-Demokratikong Prente na siyang nakikipag-ugnayan sa gobyerno ng Republika ng Pilipinas sa usapang pangkapayapaan. Bílang manunulat, nakapagsulat siya ng 25 libro, kabilang rito ang *Makibaka* para sa Pambansang Demokrasya (1967), *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* (1969), *Ekonomiya at Politika ng Pilipinas* (2002), *US Terrorism and War in the Philippines* (2002), anim na tomo ng kaniyang mga piling pampanitikang gawa mula 1991 hanggang 2015. Lahat ng ito ay naging batayan ng pag-aaral ng kilusang masa sa Pilipinas.

Nakapanayam ni Ambeth Ocampo (2017) si Sison tungkol sa kaniyang mga obra, partikular ang mga prosa at tula. Sa kanilang pakikipag-usap, nabanggit ni Joma sa halos lahat ng kaniyang mga tula, may kalaban na talagang pinatatamaan. Dagdag niya, "Now my being engaged in political struggle and writing for that struggle was more comprehensive.

But when it comes to profundity, probably sa poems. In lesser words you try to concentrate more, but in political prose you make an analysis. When writing political prose, what may be considered propaganda in its dignified sense, at a given time, can be elevated to theory by victory. ‘Di ba? Look at the theory of Lenin on State and the Revolution. Akala mo polemical prose iyan against the revisionists, but when proven by revolutionary practice, it becomes a theoretical piece, ano? But Marx is different. From the moment it was written, talagang theoretical na” (Inquirer.net).

Mahihinuha na ng tagasalin ang politika at ideolohiya ni Propesor Jose Maria Sison mula sa mga nakasaad na karanasan.

Kritikal na Pagsasalin sa Obra ni Joma

Ang piniling obra ni Jose Maria Sison na isinalin ng tagasalin ay ang *People’s Cry of Justice*, isang tulang tuluyan na iprinesenta ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas as *Open Source Tribunal* sa Netherlands noong Nobyembre 23, 2013. Laman nito ang paunang panayam ng kanilang organisasyon tungkol sa paghagupit ng bagyong Yolanda sa Pilipinas. Mahalagang maláman na nása kamalayang Filipino, bagaman politikal ang mensahe, ang nilalaman ng nasabing sosyopolitikal na tula. Dahil dito, ginamit na lamang ng tagasalin ang pagsasalang *interlingual* ni Jakboson. Ito ang pagsasalin ng isang teksto mula sa simulaang lengguwahe patungo sa isang tunguhing lengguwahe (Bassnett 1988). Sa sitwasyong ito, isinalin ang tula mula sa Ingles patungong Filipino. Ideolohiko ang ginawang pagsasalin kayâ ginamit ng tagasalin ang Gabay sa Pagsasalin ng Kilusang Pambansa-Demokratiko upang mapanatili at masigurado ang ideolohiko at politikal na mensahe nito. Binanggit ni Geronimo sa kaniyang pag-aaral na hindi madadaan sa simpleng literal na pagsasalin o idyomatiko ang ideolohiya ng manunulat (19). Ginamit ng tagasalin ang Teorya ng Manipulasyon ni Andre Lefevere kung saan tinitingnan ang pagsasalin sa sosyolohikong perspektiba. Ipinaliwanag ni Zhang, “*Ideology is the key notion in Lefevere’s theory of manipulation, which refers to the translator’s ideology which he/*

she willingly accepts or the ideology imposed upon the translators by patronages” (298).

Makikita na sa introduksiyon pa lámang ng tula, ang internasyonal na pangalang “Super typhoon Haiyan” ang ginamit ni Sison. Nang binása ito sa Open Source Tribunal sa Netherlands, marami sa mga dumalo rito ay mga dayuhan, at ito marahil ang nag-udyok sa kaniya na gamitin ang naturang termino. Isinalin naman ito ng tagasalin sa “bagyong Yolanda” dahil sa pangunahing layunin na mabása ito ng sambayanang Filipino at maintindihan ng kanilang mga sensibilidad.

Sa ikalimang talata, makikita ang panungusap na “In the diversion of public funds to their private accounts...” Walang direktang pagsasalin ang salitang “account” sa wikang Filipino, ngunit sa tingin ng tagasalin ay nangunguhulagan ito bílang mga personal na pagmamay-ari ng mga namumunò sa bángko. Ang pinakamalapit na terminong nahanap ng mananaliksik sa English-Tagalog Dictionary ay ang Ingles na salitang “bankbook” na may saling “libreta sa bángko” sa Filipino.

Nakasaad naman sa ikapitong talata ang linyang “That condemns the people to lives of want and misery...” Ang literal na salin nito sa wikang Filipino ay ang salitang “kagustuhan,” ngunit hindi nito ipinapakita ang mensaheng ihinahatid ng tula na nagsasabing hindi nakabatay sa pangangailang mabúhay (*needs*) at magkaroon ng kasaganahan ang búhay ng mga Filipino. Upang mabigyan ng diin ang mensaheng ito, ginamit ng tagasalin ang terminong “panandaliang aliw” bílang salin sa Ingles na salitang “want.”

Sa kasunod na talata, hindi isinalin ng mananaliksik ang salitang *open pit mining* dahil sa taglay na teknikalidad nito. Ayon kay Byrne (2010), hindi kinakailangang isalin ang mga teknikal na termino sa tunguhing lengguwahe kung gagamitin ito sa panitikan. Dagdag niya, ang teknikal na pagsasalin ay isang “*reproductive transfer process*” at hindi ginagamit para sa layuning artistiko. Sa praktika naman ng Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas, hindi na nila sinasalin ang nasabing termino sa Filipino at iba pang mga wika ng Pilipinas. Ginagamit nila ang terminong *open pit mining* sa

mga isyu ng *Ang Bayan*, ang opisyal na pahayagan ng PKP-MLM (2016).

Sa kasunod na talata, ginamit ni Sison ang salitang “superprofiteers,” isang ideolohikong terminong naglalarawan sa labis na pagpapayaman ng mga imperyalistang bansa at burukrata-kapitalista mula sa panghuhuthot nito sa mga umuunlad na bansa tulad ng Pilipinas. Makikita ito sa mga artikulo ng *Ang Bayan* (2016) at pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM (2017) at ng Bagong Hukbong Bayan (2017). Bagamat karaniwan na ang paggamit nito sa ideolohikong paraan, isinalin na lamang ng mananaliksik ang terminong ito gamit ang mga salitang “labis na manghuhuthot” upang mabigyan ng diin at mas madali itong intindihin sa kolokyal na pananalita.

Pagsusuri sa Kritikal na Pagsasalin ng *The People's Cry for Justice*

Gabay ng mga batayang prinsipyo ng Kilusang Pambansa-Demokratiko at ni Lefevere, naisalin ng tagasalin ang sosyopolitikal na tula ni Jose Maria Sison mula sa Ingles patungong Filipino. Kakikitahan na ng pambansa-demokratikong katangian ang orihinal na tula sa Ingles dahil sa personal na ideolohiya ng tagasalin. Ngunit para maintindihan ito ng kalakhang masang Filipino at magamit sa mga pag-aaral tungkol sa pagpapalaya ng bayan, minabuti ng tagasalin na pasimplehin ang mga komplikadong termino na ginamit ng manunulat.

Sa ikalawang talata ng tula, ginamit ng manunulat ang salitang “middle class” bilang isa sa mga malubhang naapektuhan ng bagyong Yolanda. Ang termino na ito ay napakalawak at walang aktuwal na angkop sa mga terminong ginagamit ng KPD. Napakaespesipiko ng mga termino na ginamit sa limang uri ng tao sa lipunang Filipino na makikita bilang paliwanag sa isang tatsulok. Kung ang “middle class” ay tumutukoy sa isang espesipikong grupo base sa kanilang pang-ekonomiyang katayuan na kung saan ay nakararamdam sila kaginhawahan, maaaring makita ito sa mga itinuturing na petiburges at mayayamang magsasaka sa KPD (Guerrero 1971). Minabuti ng tagasalin na gamitin ang terminong

“nakaluluwag sa búhay” bilang salin sa salitang “middle class” dahil sa mas malawak na abot nito.

Para naman sa mga salitang komplikado sa Ingles, katulad ng “flotsam,” “brine,” at “superprofiteers” na walang direktang pagsasalin sa Filipino, minabuti ng tagasalin na ilarawan na lamang ang mga ito para madaling maintindihan ng mámbabasa.

Naging inspirasyon ng tagasalin ang linyang politikal ng KPD na “mula sa masa, tungo sa masa.” Bagamat ideolohiko ang layunin ng Kilusan sa paggawa ng panitikan, mahalaga pa ring magsimula ang mga maaaring mag-aaral ng tekstong ito sa mga simpleng termino. Sa pamamagitan nito, maaaring mapadali ang paghahatid ng mensahe ng bawat obra, na siyang mag-uudyok sa pag-alab ng damdaming palaban at makabayan ng magbábasá nito.

Pasasalamat

Nagpapasalamat ang mananaliksik kay Prop. Jose Maria Sison sa pagbibigay ng kaniyang pahintulot na ipása at mailathala ang kaniyang tula at ang aking pagsasalin sa isang journal.

SANGGUNIAN

- Alvarez, Roman, and M. Carmen-Africa Vidal. *Translation, Power, Subversion*. Philadelphia: Multilingual Matters, 1996. Print.
- Atienza, Monico M. *Kilusang pambansa-Demokratiko sa wika*. Diliman, Lunsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Sistema, 1992. Print.
- Bassnett, Susan. *Translation studies*. London: Routledge, 1988. Print.
- Batnag, Aurora E. “Translation in the Philippines.” *National Commission for Culture and the Arts*, 30 Apr. 2015, Web. <http://ncca.gov.ph/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/translation-in-the-philippines/>. Accessed 14 August 2017.
- Berk, Özlem. *Translation and Westernisation in Turkey: From the 1840s to the 1980s*. İstanbul: Efe Yayınları, 2004. Print.
- Buden, Boris, Stefan Nowotny, Sherry Simon, Ashok Bery, & Michael Cronin. “Cultural Translation: An Introduction to the Problem, and Responses.”

- Translation Studies*, 2.2 (2009): 196–219. Print.
- Byrne, Jody. *Technical Translation: Usability Strategies for Translating Technical Documentation*. Dordrecht: Springer, 2010. Print.
- Communist Party of the Philippines. “On Duterte’s May 1 Call to Occupy Oligarchs’ Lands | CPP.” NDFP, 3 May 2017, Web. www.ndfp.org/dutertes-may-1-call-occupy-oligarchs-lands/. Accessed 3 June 2018.
- DBM. “National Budget Memorandum No. 129.” *Department of Budget and Management*, 3 Jan. 2018. Web. <https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/Issuances/2018/National%20Budget%20Memorandum/NBM-No129.pdf>. Accessed 3 June 2018.
- Dreisbach, Jeconiah Louis. “Filipino bilang Wika ng Pagpapalaya: Pambansa-Demokratikong Pagsusuri sa Papel ni Vivencio R. Jose.” *Academia.edu*, Abr. 2016, Web. www.academia.edu/28281089/Filipino_bilang_Wika_ng_Pagpapalaya_Pambansa-Demokratikong_Pagsusuri_sa_Papel_ni_Vivencio_R._Jose. Accessed 14 August 2017.
- English, Leo James. *English-Tagalog Dictionary*. Manila: National Book Store, 2008. Print.
- Gentzler, Edwin. *Contemporary translation theories*. London, Routledge, 1993. Print.
- Geronimo, Jonathan Vergara. “Pag-Angkin sa Politka at Poetika ng Piling Tula ni Nicolas Guillen sa Karanasang Pilipino: Isang Pagsasaling Ideolohiko.” *Malay* 28. 2 (2016): 12–30. Print.
- GMA News and Public Affairs. “NDF: Significant dev’t in talks, national artist award may prompt Joma Sison’s 2017 homecoming.” *GMA News Online*, 9 Abr. 2017, Web. www.gmanetwork.com/news/news/nation/606476/ndf-significant-dev-t-in-talks-national-artist-award-may-prompt-joma-sison-s-2017-homecoming/story/. Accessed 14 August 2017.
- Guerrero, Amado. *Lipunan at rebolusyong Pilipino*. Maynila, Pilipinas: Lathalaang Pulang Tala, 1971. Print.
- Macasantos, Francis C, at Priscilla S Macasantos. “Philippine Literature in the Spanish Colonial Period.” National Commission for Culture and the Arts, Republic of the Philippines, 14 Apr. 2015, Web. ncca.gov.ph/subcommissions/subcommission-on-the-arts-sca/literary-arts/philippine-literature-in-the-spanish-colonial-period/. Accessed 3 June 2018.
- Melendrez-Cruz, Patricia. “Di Biro ang Magsalin: Sining ng Pagsasalin.” *Patricia Melendrez-Cruz: Filipinong Pananaw sa Wika, Panitikan at Lipunan*. Laura L. Samson, et al. (eds.) Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Diliman, 1994. Print.
- “Mga Kumpanya Sa Mina, Tigpondo Ni Roxas.” Ang Bayan, 7 Mar. 2016, Web. www.ndfp.org/sayit/wp-content/uploads/2016/03/20160307bi.pdf. Accessed 3 June 2018.
- NDFP. “Sison to come home in connection with peace process or his nomination as National Artist for Literature ».” *National Democratic Front of the Philippines*, 13 Abr. 2017, Web. www.ndfp.org/sison-come-home-connection-peace-process-nomination-national-artist-literature/. Accessed 14 August 2017.
- New People’s Army. “NPA Punishes Destructive Mining Company in Mati City.” NDFP, NDFP, 9 May 2017, Web. www.ndfp.org/npa-punishes-destructive-mining-company-mati-city/. Accessed 3 June 2018.
- Ocampo, Ambeth. “Joma Sison on Prose and Poetry.” *Inquirer.net*, 11 Aug. 2017, Web. opinion.inquirer.net/106254/joma-sison-prose-poetry. Accessed 3 June 2018.
- Rosca, Ninotchka. “Jose Maria Sison: At Home in the World, Portrait of a Revolutionary, Conversations with Ninotchka Rosca.” *Jose Maria Sison*, 8 August 2010, Web. josemariasison.org/jose-maria-sison-at-home-in-the-world-portrait-of-a-revolutionary-conversations-with-ninotchka-rosca-greensboro-n-c-open-house-publishing-llc-2004-259-pages/. Accessed 14 August 2017.
- Sison, Jose Maria. “The Need for a Cultural Revolution.” 30 Sept. 1966, Web. josemariasison.org/the-need-for-a-cultural-revolution/. Accessed 14 August 2017.
- Venuti, Lawrence. “Translation, Community, Utopia.” *The Translation Studies Reader*, edited by Lawrence Venuti, Routledge, London: 2000. 468–489. Print.
- Venuti, Lawrence. “Translation, History, Narrative.” *Meta: Journal Des Traducteurs* 50.3 (2005): 800–816. Print.
- Zhang, Mei. “Manipulation in Poetry Translation.” *Asian Social Science* 8.4 (Apr. 2012): 297–301. Print.

APPENDIX

Simulaang Lenggwahe	Tunguhing Lenggwahe	Paliwanag sa Salin
The People's Cry for Justice By Prof. Jose Maria Sison Opening Statement in Prose Poem (Proem) at the Open Source Tribunal at Nicolai Church in Utrecht, Netherlands on 23 November 2013 Case: National Democratic Movement of the Philippines Versus Those Responsible for the Unnatural Disaster related to Super typhoon Haiyan	Ang Sigaw ng Sambayanan para sa Katarungan Ni Prop. Jose Maria Sison Ang panimulang pahayag na nasa tulang tuluyan (Proem) sa Open Source Tribunal sa Simbahang Nicolai sa Utrecht, Netherlands noong ika-23 ng Nobyembre 2013 Kaso: Ang Pambansa-Demokratikong Kilusan ng Pilipinas Laban sa mga may Pananagutan sa Nakakapangilabot na Kapahamakan kaugnay sa Bagyong Yolanda	Kilalá ang “Super typhoon Haiyan” sa Pilipinas bilang “bagyong Yolanda.”
The bewildering winds howled from afar, Then came suddenly screaming into the ears Of the people as rooftops flew like hats And walls tumbled down like cards. The teeming huts of the poor toilers crumbled So did the few houses of the middle class. The winds showed no respect to the churches And shook the solitary mansions of the powerful. The flying and falling parts of every structure Killed and injured people in great numbers.	Umugong ang nakatatarantang hangin mula sa kalayuan, At biglang dumating sa mga tainga ang sigawan Ng sambayanan nang nilipad ang mga bubong na tila sombrero At bumagsak ang mga pader na parang mga baraha. Gumuho ang mga kubo ng mga mahihirap na manggagawa Pati na rin ang ilang mga bahay ng mga nakaluluwag sa buhay. Walang pinakitang paggalang ang hangin sa mga simbahan At niyanig ang mga natatanging mansyon ng naghaharing-uri. Ang mga nilipad at gumuhong parte ng bawat istruktura ay Pumaslang at sumugat ng napakaraming tao.	Upang masunod ang pagsasalin ng huling pangungusap nang hindi nag-iiba ang estruktura, kinailangan kong gamitin ang salitang ‘ay.’
The sea rose like a mountain close to the shore And surged to engulf the people and shambles. It swept and carried them away as flotsam	Tumaas ang dagat na tila isang bundok na malapit sa dalampasigan At dumaluyong ito upang lamunin at katayin ang sambayanan.	

Killing more people than did the monstrous winds. As if death by drowning were not enough, The loss of food stocks and the plenitude of dirty brine Caused maddening death by hunger and thirst As the crucial days passed without rescue and relief From the high bureaucrats who had promised these Before the super typhoon and storm surge.	Tinangay sila nito na kung saan lumutang ang kanilang mga labi At pumatay nang mas maraming tao kaysa sa napakalakas na hangin. Animo't kulang pa ang kamatayan sa pagkalunod, Ang kakulangan ng mga inimbak na pagkain at kalubusan ng napakaruming dagat Ang naging sanhi ng nakagagalit na kamatayan sa kagutuman at uhaw Habang dumaan ang mga mapanganib na araw nang walang sumagip o tumulong Mula sa mga nakatataas sa burukrasya na nangako nito Bago dumating ang bagyo at daluyong.	
The highest and most corrupt of the bureaucrats Had boasted that planes, ships and relief goods Were ready to come to the aid of the people in distress. But none came for a long while as hunger, thirst, illness And death stalked 15 million people in 32 provinces. As people cried for loved ones lost amidst the wreckage And the stench of the dead, he depicted the victims as looters To obscure his crime of having vetoed public funds For pre-disaster preparations and for having pocketed Every year the calamity fund in billions of pesos.	Ipinagmalaki ng mga nakatataas at pinakabulok na burukratiko Ang mga eroplano, barko at tulong Na handang sumaklolo sa mga taong nasa mapanganib na kalagayan. Ngunit walang dumating sa mahabang panahon habang nagugutom, nauuhaw, nagkakasakit habang bingit ng kamatayan ang 15 milyong katao sa 32 probinsya. Habang umiiyak ang sambayanan para sa kanilang mga mahal sa buhay dahil sa pagkawasak At sa mabahong amoy ng mga labi, inilarawan niya ang biktima bilang mga magnanakaw Upang mabaling ang kaniyang krimen sa hindi pag-apruba ng pampublikong pondo Para sa paghahanda sa pagdating ng mga kalamidad at sa kaniyang pagbubulsa Taun-taon ng pondo para sa mga kalamidad na nasa bilyon-bilyong piso.	
We accuse the rulers of corruption and incompetence, Of conniving with the military and NGO racketeers In the diversion of public funds to their private accounts, Making the people suffer natural and social calamities. We demand the end of the wanton destruction of lives	Inaakusahan namin ang mga namumuno ng katiwalian at kawalang-kakayahan, Ng pakikipagsabwatan sa militar at mga mangingikil na NGO Sa paglihis ng pampublikong pondo tungo sa kanilang mga pribadong libreta sa bangko, Habang hinahayaan ang sambayanan na magdusa sa mga natural at panlipunang kalamidad.	Walang pagsasalin ang salitang "account" na may kinalaman tungkol sa "bank account," kayâ ang ginamit kong termino ay "bankbook" na may pagsasalin na "libreta sa bángko."

Of the fishermen, peasants, workers and other poor. We demand that justice be rendered in their favor. We demand the end of the cruel and corrupt regime And thus let the people prevail and take a step forward In freeing themselves from exploiters and oppressors.	Nananawagan kami na tapusin ang walang habas na pagkawasak sa kabuhayan Ng mga mangingisda, magsasaka, manggagawa at iba pang mahihirap na tao. Nananawagan kami na dapat mabigyan ng katarungan ang kanilang panig. Nananawagan kami na patalsikin na ang walang awa at bulok na rehimen Nang sa gayon ay mangibabaw ang sambayanan at humakbang pasulong Tungo sa pagpapalaya ng kanilang mga sarili mula sa mga taong mapang-api at mapagsamantala.	
Long before Haiyan, the vulnerability of the people To natural disasters has been predetermined By the imperialists, the big compradors, landlords And by the corrupt bureaucrats who chain the toilers To the system of exploitation and unrelenting poverty Consigning them to expanses of frail homes Of nipa and bamboo or discarded pieces of wood,	Bago pa dumating ang Yolanda, tiniyak na ang kahinaan ng sambayanan Sa mga natural na kalamidad ng mga imperyalista, malalaking komprador, mga panginoong maylupa, at mga bulok na burukrata na gumagapos sa mga manggagawa Sa sistema ng pagsasamantala at walang tigil na kahirapan Na kinukulong sila sa mga marurupok na tahanan	
Easily destroyed by the typhoons and floods. It is the edifices of the wealthy and powerful That have withstood the onslaughts of Yolanda.	Na gawa sa pawid at kawayan o sa mga tira-tirang piraso ng kahoy, Na madaling nawawasak ng mga bagyo at baha. Ang mga gusaling gawa ng mga mayayaman at makapangyarihan Ang nanatiling buo pagkatapos hagupit ni Yolanda.	
We accuse the rulers and their foreign masters Of subjecting the Filipino toilers to the violence In the daily grind of exploitation and oppression And in the cycles of social crisis and natural disaster. We demand the end of the system of exploitation, That condemns the people to lives of want and misery,	Inaakusahan namin ang mga namumuno at ang kanilang mga dayuhang amo Sa pagsasailalim ng mga Pilipinong manggawa sa karahasan Sa araw-araw na pagsasamantala at pang-aapi At sa mga paulit-ulit na krisis panlipunan at natural na sakuna. Nananawagan kami na tapusin na ang sistema ng pagsasamantala, Na sinusumpa ang sambayan sa buhay na nakabatay sa panandaliang-aliw at kahirapan,	Ginamit ng tagasalin ang mga salitang “panandaliang aliw” bilang salin ng ‘want’ upang mabigyan ng diin ang mensahe nitong hindi nakabatay sa ‘needs’ ang buhay ng sambayanan sa kasalukuyan.

Without adequate food and shelter from the storms. We demand that the broad masses of the people enjoy The blessings of national and social liberation, All-round development, social justice and peace.	Habang walang sapat na pagkain at tirahan na magprotektá mula sa mga unos. Nananawagan kami sa kalakhang masa ng sambayanan na tamasahin ang Biyaya ng pambansa at panlipunang papagpapalya, Pangkalahatang pag-unlad, panlipuang katarungan at kapayapan.	
Long before Haiyan, the imperialists and their puppets Have ravaged and plundered the environment. They have used open pit mining and excessive chemicals To extract the natural riches of the Philippines. They have poisoned the atmosphere with carbon emissions, Caused global warming and warmed the Pacific Ocean To make the typhoons more often and more devastating. There are indications that weather warfare is afoot, With microwave pulses being manipulated to stir up A super typhoon as ferocious as Yolanda.	Bago pa dumating ang Yolanda, sinalanta at sinamsam na ng mga imperyalista At kanilang mga tagasunod ang kalikasan. Gumamit sila ng <i>open pit mining</i> at labis-labis na kemikal Upang makuha ang mga likas na yaman ng Pilipinas. Nilason nila ang atmospera sa pamamagitan ng paglalabas ng <i>carbon</i>, Na naging sanhi ng pag-iinit ng mundo at nagpainit sa Karagatang Pasipiko Na siyang nagpadalas at nagpalakas sa mga bagyo. May mga palatandaan na umuusad ang digmaang pangklima, Kung saan minamanipula ang mga pulsang <i>microwave</i> upang makagawa Ng isang napakalakas na bagyo na kasing bagsik ni Yolanda.	Hindi ko na sinubukang isalin ang <i>open pit mining</i> sa Filipino dahil sa tingin ko ay teknikal na termino ito sa larangan ng pagmimina.

We accuse the US-led imperialists of ruining the milieu, Causing global warming and making natural disasters More frequent, more destructive and more deadly. It is outrageous that the puppets in the Philippines welcome The invading military forces of the US and its allies Under the pretext of humanitarian assistance And accept more debts from the imperialist banks For the further benefit of the wealthy and powerful. We must rise up to fight the foreign superprofiteers And the puppets shameless in treason and national betrayal.	Inaakusahan naming ang mga imperyalistang pinangungunahan ng Estados Unidos sa pagkasira ng kapaligiran, Sa pagsanhi ng pag-iinit ng mundo at pagpapadalas, pagpapalakas, At pagpapalubha ng mga likas na sakuna kung saan mas marami pa ang namamatay. Nakagagalit na sinalubong pa ng kanilang mga tagasunod sa Pilipinas Ang manlulusob na puwersa ng militar ng Estados Unidos at mga kaalyado nito Sa ilalim ng pakunwaring pagtulong sa mga nasalanta At pagtanggap ng mas maraming utang mula sa mga imperyalistang bangko Para sa pakinabang ng mga mayayaman at may kapangyarihan. Kinakailangan nating mag-alsa laban sa mga dayuhang labis na manghuthuot At sa kanilang mga tagasunod na hindi nahihiyang pagtaksilan at ipagkanulo ang bansa.	Walang salin ang salitang “deadlier” sa English-Tagalog Dictionary ni Leo James English, kayâ inilarawan ko na lámang ito. Ginagamit sa pambansa- demokratikong kilusan ang salitang “supertubo” o malakihang tubo. Ngunit sa tingin ko ay kailangan na lámang ilarawan kung ano ang ibig sabihin ng “superprofiteers” sa saknong na ito bílang pagsasalin.
The toiling masses have lost thousands of lives And millions of them their homes and means of livelihood. They expect nothing from their oppressors and exploiters But worse oppression and exploitation after every disaster. The people can best fight for their lives and rights And have thus rescued and lifted themselves up. Still they need the help of compatriots at home and abroad And the solidarity and support of the people of the world To accelerate relief, rehabilitation and reconstruction And to prevent the exploiters from further ruining them.	Nawalan na ng buhay ang libo-libong naghihirap na masa At milyon-milyon pa sa kanila ang nawalan na rin ng tirahan at kabuhayan. Wala na silang inaasahan mula sa mga taong nang-aapi at nagsasamantala sa kanila Maliban sa mas malalang pang-aapi at pagsasamantala sa bawat sakuna. Mas mabuti pang lumaban sila para sa kanilang mga buhay at karapatan Upang mailigtas at maiangat ang kanilang mga sarili. Ngunit kinakailangan pa rin nila ang tulong ng mga kasama sa bansa at ibayong-dagat At ang pagkakaisa at suporta ng sangkatauhan sa buong mundo Upang mapabilis ang pagtulong, pagbabagong-buhay at pagbabagong- tatag At para maiwasan ang lalong pang-aaapi sa kanila.	

We appeal to the people of the world to help the Filipino people Through the people's organizations and not the corrupt regime. Like the imperialists, the corrupt bureaucrats and military officers Are vultures hovering and gloating over the dead and suffering. They are ever poised to feast on public funds and foreign aid That they deem as off-budget account subject to their greed. We are confident that the people of the world stand in solidarity With the Filipino people not only against one unnatural disaster But against all the disasters unleashed by the imperialists and puppets And for the common purpose of creating a new and better world.###	Nananawagan kami sa sangkatauhan ng buong mundo na tulungan ang sambayanang Pilipino Sa pamamagitan ng mga pangmasang organisasyon at hindi ang bulok na rehimen. Katulad ng mga imperyalista, parang buwitre ang mga bulok na burukrata at mga opisyal ng militar Na umaaligid at ikinatutuwa ang kamatayan at kahirapan ng marami. Handa silang pagpiyestahan ang pampublikong pondo at tulong ng mga dayuhan Na nakikita nilang hindi kabilang sa dapat na nakalaang pondo kaya sakop ito ng kanilang kasakiman. Tiwala kami na ang sangkatauhan ng buong mundo ay nakikiisa Sa sambayanang Pilipino hindi lamang sa isang 'di likas na sakuna Ngunit pati na rin sa lahat ng sakunang ipinamamalas ng mga imperyalista at kanilang mga tagasunod At para na rin sa pangkalahatang layunin na bumuo ng bago at mas maayos na mundo.###	Ayon sa Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamahala ng Pilipinas (DBM), ang "off-budget funds" ay "receipts which are authorized to be deposited with government financial institutions for expenditure items which are not part of the National Expenditure Program" (DBM, 2018).
---	---	--